

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 1 Sa Pagtatayo ng Pamilya

“15 At ang hari sa Egipto ay nagsalita sa mga hilot na Hebrea, na ang pangalan ng isa ay Siphra, at ang pangalan ng isa ay Phua: 16 At kaniyang sinabi, Paghilot ninyo sa mga babaing Hebrea, at pagtingin ninyo sa kanila sa dakong panganganakan; kung lalake, ay papatayin nga ninyo: datapuwa't kung babae ay inyong bubuhayin. 17 Datapuwa't ang mga hilot ay nangatakot sa Dios at hindi ginawa ang gaya ng iniutos sa kanila ng hari sa Egipto, kundi iniligtas na buhay ang mga batang lalake. 18 At ipinatawag ng hari sa Egipto ang mga hilot, at sinabi sa kanila, Bakit ninyo ginawa ang bagay na ito, at inyong iniligtas na buhay ang mga batang lalake? 19 At sinabi ng mga hilot kay Faraon, Sapagka't ang mga babaing Hebrea ay hindi gaya ng mga babaing Egipcia; sapagka't sila'y maliliksi, at nakapanganak na, bago dumating ang hilot sa kanila. 20 At ang Dios ay gumawa ng mabuti sa mga hilot: at ang bayan ay kumapal, at naging totoong makapangyarihan. 21 At nangyari, na sapagka't ang mga hilot ay natakot sa Dios, ay iginawa niya sila ng mga sangbahayan.” (Exodo 1:15-21 KJV)

Ang pagnanais na mag-asawa ay isang banal na pagnanais at lalo na kung ang layunin ay marangal, na magpalaki ng mga batang sumusunod sa Dios. Ang sitwasyon sa itaas mula sa aklat ng Exodus, tungkol sa dalawang Hebreang komadrona na binigyan ng pamilya at bahay ng Panginoon; nangyari iyon nang kanilang pinagtibay ang kanilang tunay na layunin at pagnanais na sumunod sa Dios at mabuhay sa pagkatakot sa Kanya.

*** Ang pagkatakot sa Dios ay isang mahalagang bahagi sa pagbuo ng maka-Dios na pamilya. * Isa sa mga pangunahing pamantayan para sa maka-Dios na pag-aasawa ay ang parehong lalaki at babae ay may takot sa Dios at kusang ginagawa ang gusto niyang ipagawa sa kanila.**

Ang mga komadrona ay inutusan ni Faraon na patayin ang bawat lalaking anak na ipinapanganak sa panganakan ng mga Hebreong babae. Ang mga komadronang ito ay tinawag na Hebreong komadrona, ngunit sila'y mga Egipcio, dahil kung sila ay Hebreo sa pinagmulan ay hindi inaasahan ni Faraon na maging tapat sila sa kanya at marahas sa kanilang mga kapwa Hebreo. Sa katunayan, sila'y mga Egipcio at maka-Dios sa kanilang pagtanggì sa utos ni Faraon. Sinuway nila siya dahil natatakot sila sa Dios, dahil ang utos ni Faraon ay salungat sa utos ng Dios. Sila ay tapat sa kanilang pagkatakot sa Dios; katulad ng nang harapin nina Pedro at Juan ang mga Judio. ***“Datapuwa't si Pedro at si Juan ay nagsisagot at nagsipagsabi sa kanila, Kung katuwiran sa paningin ng Dios na makinig muna sa inyo kay sa Dios, inyong hatulan:” (Mga Gawa 4:19 KJV)***

Sa parehong paraan, kailangan nating maging tapat sa ating takot sa Dios at kailangan nating ganap na sundin ang Kanyang Salita at Kanyang mga utos upang matupad ang layunin ng Dios sa ating mga buhay at upang gantimpalaan tayo ng Panginoon nang lubusan sa ating mabubuting gawa.

Sa mga komadrona na iyon, ang pagkatakot sa Panginoon ang namumuno sa kanilang mga puso. Kaya't binigyan sila ng Panginoon ng karunungan para sagutin si Faraon nang tanungin niya sila, ***“At sinabi ng mga hilot kay Faraon, Sapagka't ang mga babaing Hebrea ay hindi gaya ng mga babaing Egipcia; sapagka't sila'y maliliksi, at nakapanganak na, bago dumating ang hilot sa kanila.” (Exodo 1:19 KJV)***

Ang sagot na ito ng mga komadrona kay Faraon ay napagtanto ng usapin sa pamamagitan ng patnubay ng Dios na tumutulong sa mga babaing Hebrea at nagbibigay-daan sa kanila na manganak nang mas mabilis kaysa sa mga babaing Egipcio. Matalinong ipinapakita nila kay Faraon na paglingap ang Dios sa mga babaing Hebrea sa kanilang mabilis na panganganak.

Ganyan din, kapag takot tayo sa Dios, bibigyan tayo ng Panginoon ng karunungan kung paano sagutin ang mga laban sa atin, na kumikilos upang usigin tayo at ang mga gumagawa ng kalooban ng Dios. “19 Datapuwa't pagka kayo'y ibinigay nila, huwag ninyong ikabalisa kung paano o kung ano ang inyong sasabihin: sapagka't sa oras na yaon ay ipagkakaloob sa inyo ang inyong sasabihin. 20 Sapagka't hindi kayo ang mangagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo'y magsasalita.” (Mateo 10:19-20 KJV)

Ang paninindigan ng mga komadrona na ito ay matatag; hindi sila sumusuko at hindi pumayag na ipapatay ang anumang bagong panganak na lalaki. Hanggang sa punto na nang hindi naging epektibo ang proyektong ito, kinailangan ni Faraon na baguhin ang kanyang isip kaya't nagbigay siya ng utos sa lahat ng tao na itapon ang lahat ng bagong panganak na lalaki. ***“At iniutos ni Faraon sa kaniyang buong bayan, na sinasabi, Itatapon ninyo sa ilog bawa't lalake na ipanganak, at bawa't babae ay ililigtas ninyong buhay.” (Exodo 1:22 KJV)***

Sa parehong paraan, kailangan nating maging matiyaga sa ating paninindigan sa takot sa Panginoon at patuloy na maglingkod sa Kanya hanggang matupad ang Kanyang layunin sa pamamagitan ng ating serbisyo at ministeryo.

Ang mga paglilingkod ng mga Hebreang komadrona na ginawa para sa Dios ng Israel ay ginantimpalaan ng Dios. Nang pangalagaan ng mga komadronang babae ang mga bahay ng mga Israelita, bilang kapalit nito, gumawa ang Dios ng mga bahay para sa kanila. Dahil sa kanilang takot sa Dios, binigyan Niya sila ng mga pamilya. Para sa kanilang kabanalan, napangasawa sila, at mga maka-Dios na pamilya ang itinayo ng Dios para sa kanila. **“20 At ang Dios ay gumawa ng mabuti sa mga hilot: at ang bayan ay kumapal, at naging totoong makapangyarihan. 21 At nangyari, na sapagka't ang mga hilot ay natakot sa Dios, ay iginawa niya sila ng mga sangbahayan.”** (Exodo 1:20-21 KJV)

Sa parehong paraan na nagsisikap tayo sa paglilingkod sa Dios, at tinutupad ang Kanyang layunin, gagantimpalaan tayo ng Dios ng magagandang bagay at ng pangkalangitang mana. **“Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitataq, huwag makilos, na laging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon.”** (1 Corinto 15:58 KJV)

Ang mga kahulugan ng pangalan ng mga Hebreong partera na ito ay ang mga sumusunod: para sa ‘Shiphrah’, ang kahulugan sa wikang Hebreo nito ay ‘maganda’, at ang kahulugan ng ‘Puah’ ay ‘kahanga-hanga’. Ang iba pang kahulugan ng maganda ay ‘makatarungan’, ‘makatuwiran’, ‘maka-makatao’, ‘walang kinikilingan’, ‘hindi mapag-iba’, at ‘pantay-pantay’. Ang iba pang kahulugan ng kahanga-hanga ay ‘kamangha-mangha’, ‘imposible’, ‘hindi kapani-paniwala’, ‘kahanga-hanga’, ‘kahindik-hindik’, ‘sobrang galing’, at ‘maharlika’. Kung pagsasamahin mo ang kahulugan ng ‘Shiphrah’ at ‘Puah’, maaaring makuha mo ang mga sumusunod na kumbinasyon: ‘Makatarungang-kamangha-mangha’, ‘Makatuwirang-imposible’, ‘Maka-makataong-di kapani-paniwala’, ‘Walang kinikilalang-kahanga-hanga’, ‘Hindi mapag-iba-kahindik-hindik’, at ‘Pantay-pantay-maharlika’. Sa pag-uusap tungkol sa pagkatakot sa Dios; ang mga taong may takot sa Dios ay sa huli’y gagawa ng mga kahanga-hangang bagay, Makatarungang-kamangha-mangha, Makatuwirang-imposible, Maka-makataong-di kapani-paniwala, Walang kinikilalang-kahanga-hanga, Hindi mapag-iba-kahindik-hindik, at Pantay-pantay-maharlika na mga bagay, sa kanilang buhay tungo sa Panginoon at tiyak gagantimpalaan sila para sa lahat ng qinawa nila para sa Kanya sa pagtatataq ng sarili nilang pamilya.

Ang mamuhay na may takot sa Panginoon ay sapilitan at mahalagang paghahandang kinakailangan para sa maka-Dios na pag-aasawa. Dahil sa takot sa Dios, iniligtas ng mga komadrona ang mga lalaking anak ng mga Israelita mula sa pagpatay. Handa silang manindigan kasama ang Dios upang iligtas ang salinlahing iyon ng mga Israelita mula sa kamay ng kaaway. Napansin ng mga komadrona na ang Dios ay sumasa mga Israelita sa pagpaparami sa kanila sa kabila ng lahat ng pag-uusig at masamang pagtrato na kanilang tinatanggap, gaya ng mababasa natin dito: **“7 At ang mga anak ni Israel ay lumago, at kumapal na maigi at dumami, at naging totoong makapangyarihan; at ang lupain ay napuno nila. 8 May bumangon ngang isang bagong hari sa Egipto, na hindi kilala si Jose. 9 At sinabi niya sa kaniyang bayan, Narito, ang bayan ng mga anak ni Israel ay higit at lalong malakas kay sa atin: 10 Hayo't tayo'y magpakadunong sa kanila; baka sila'y dumami, at mangyari, na, pagka nagkadigma, ay makisanib pati sila sa ating mga kaaway, at lumaban sa atin, at magsilayas sa lupain. 11 Kaya't nangaglagay sila ng mga tagapagpaatag, upang dalamhatiin sila sa atang sa kanila. At kanilang ipinagtayo si Faraon ng mga bayan na kamaligan, na dili iba't ang Phithom at Raamses. 12 Datapuwa't habang dinadalamhati nila sila, ay lalong dumadami at lalong kumakapal. At kinapootan nila ang mga anak ni Israel. 13 At pinapaglingkod na may kabagsikan ng mga Egipcio ang mga anak ni Israel: 14 At kanilang pinapamuhay sila ng masaklap sa pamamagitan ng mahirap na paglilingkod, sa argamasa at sa laryo, at sa lahat ng sarisaring paglilingkod sa bukid, at sa lahat ng paglilingkod nila na ipinapaglingkod sa kanila, na may kabagsikan.”** (Exodo 1:7-14 KJV) Kaya ang mga komadrona, matapos nilang maunawaan kung ano ang ginagawa ng Dios sa buhay ng Kanyang bayan, ay pumanig sila sa Dios at sa Kanyang misyon na pagpalain at paramihin ang Kanyang bayan. At nang makita ng Panginoon ang kanilang katapatan sa bagay na ito, pinagpala Niya sila ng kani-kanilang mga bahay at pamilya.

Sa aking mahal at minamahal: Upang matakot sa Dios, dapat nating tuparin ang mga sumusunod:-

- A. Upang matakot sa Dios ay mainidigan nang matatag para sa layunin at dahilan ng Dios.
- B. Upang matakot sa Dios ay ang maging handa na humarap sa panganib at gawin mo ang nais ng Dios.
- C. Upang matakot sa Dios ay ang maramdaman ang pagdurusa ng Kanyang bayan, makibahagi rito, at maging bahagi ng plano na mayroon ang Dios para sa kanila, at sa ganitong paraan, pagpapalain at gantimpalaan ka ng Panginoon nang sagana habang nagsusumikap kang maglingkod sa Dios ng buong puso at magtayo ng mga maka-Dios na pamilya.

Magpakumbaba sa harap ng Dios, at itataas ka Niya sa tamang panahon. Sundin ang lahat ng mga tagubiling natanggap mo sa mensaheng ito at gawin ang iyong makakaya na ilapat ang mga ito sa iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya at mga anak at sa buhay ng simbahan at ministeryo kung saan ka inilagay. Manindigan sa pananampalataya at huwag makipagkompromiso. Manindigan, magtiwala sa Kanya at sumunod sa Kanya at Siya ang magbibigay sa iyo. Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay muli upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa pagpapakita ng malinaw sa akin ng katotohanan ng iyong Salita. Panginoon, salamat sa aking pamilya at mga anak. Panginoon, salamat sa lahat ng pagtutuwid at mga paalala na natanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon, salamat sa lahat ng iyong mabuting mga pangako sa akin habang inilalagay ko ang buong tiwala ko sa iyo.

Lumapit na tayo sa Dios at ihayag at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan. Ipagtapat natin ang ating mga kasalanan at mga pagkukulang. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagiging makamundo, at ang iyong pagmamahal sa pera at materyal na bagay. Ipagtapat at talikuran ang iyong kayabangan, pagsuway, hindi marunong makinig, pagiging matigas ang ulo at hindi pagiging handa na sumunod sa mga tagubilin. Ipagtapat at talikuran ang paggawa ng sariling kagustuhan at plano imbes na ang kagustuhan o plano ng Dios, lalo na sa usapin ng pag-aasawa. Ipagtapat ang kakulangan mo sa pagbabasa ng Salita ng Dios at sa panalangin. Ipagtapat at talikuran ang pakikipag-ugnayan sa mga hindi mananampalataya, ang pagkakaroon ng maraming kaibigan at pagkaalipin sa Media. Ipagtapat ang kakulangan mo sa takot sa Dios. Ihayag ang iyong mga kompromiso, at ihayag ang iyong hindi kahandaan na paglingkuran ang Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan

Panginoon, nagpapakumbaba ako sa harap mo at tinatanggap na isabuhay ang aking buhay ayon sa iyong kalooban at plano para sa akin at magbigay ng mabuting halimbawa sa iba upang sundan. Panginoon, itanim sa akin ang pagkatakot sa iyo sa aking buhay upang ako'y manindigan nang matatag para sa iyong layunin at adhikain. Panginoon, bigyan mo ako ng kakayahang maunawaan ang iyong kalooban at mabuting plano sa aking buhay at sa buhay ng iyong bayan. Panginoon, ipinagkakatiwala ko sa iyo ang aking sarili na maglingkod sa iyo at gawin ang mga tungkuling ipinagkaloob sa akin ayon sa aral na natanggap ko sa mensaheng ito tungkol sa Maka-Dios na pag-aasawa. Panginoon, puspusin mo ako ng iyong Banal na Espiritu at bigyan ako ng karunungan kung paano sagutin ang mga umaatake sa akin dahil ako ay naglilingkod sa iyo. Panginoon, suportahan mo ako sa iyong biyaya at pagkalooban ako ng lahat ng kailangan ko upang patuloy kitang paglingkuran.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, na inialay ang kanilang buhay upang mamuhay sa pagkatakot sa iyo, at nagpakumbaba handang sundin ang iyong kalooban at plano para sa kanila. Panginoon, gamitin mo sila bilang mga kasangkapan ng katuwiran upang itaguyod ang kanilang mga anak at alagad sa maka-Dios na paraan at upang ipagpatuloy ang pagtuturo ng banal na pag-aasawa. Panginoon, protektahan mo sila mula sa pag-uusig, at patatagin sila sa pamamagitan ng iyong biyaya. Panginoon, ibigay mo sa kanila ang lahat ng kanilang pangangailangan at itago sila mula sa kanilang mga kaaway. Panginoon, panalangin ko na magkaroon ng pananampalataya ang iba sa iyo at sa iyong Salita, at na babaguhin mo sila upang ialay nila ang kanilang buhay sa pagtuturo at ministryo na natanggap namin sa mensaheng ito.

Panginoon, dalangin ko na pagpalain mo kami bilang simbahan. Panginoon, tulungan mo kaming patuloy na magturo at ipatupad ang paghahanda para sa maka-Dios na pag-aasawa at ihanda ang iyong bayan upang gawin ang iyong kalooban at plano sa kanilang buhay, para pagdating mo, handa na kami. Panginoon, dagdagan mo kami ng mga manggagawa na may takot sa iyong pangalan at handang sundin ang iyong kalooban at plano sa kanilang buhay. Panginoon, bumuo ng mga bagong pamilya at dagdagan kami ng mga maka-Dios na pamilya na handang palakihin ang mga anak na maka-Dios. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espiritwal na kaloob na kailangan namin upang lumakad at paglingkuran ka. Panginoon, bigyan mo kami ng kakayahan na mangaral at maabot ang mga bagong tao sa evangelio ni Jesus. Panginoon, tulungan mo kaming magtayo ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas marami pa mabautismuhan sa tubig at makatanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 1. Sa Pagtatayo ng Pamilya. Exodo 2:7-22. Mga Gawa 4:19. Mateo 10:19-20. 1 Corinto 15:58.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com